



Pangangalagang Pangkalusugan na Nagpapatibay sa Kasarian

PARA SA ATING MGA MIYEMBRO NA NASA HUSTONG GULANG



NARITO KAMI PARA TUMULONG

Nakikita mo ba ang iyong sarili bilang isang transgender, hindi binary, o gender-diverse?

Nahirapan ka bang intindihin ang iyong kasarian? Hindi ka nag-iisa. Narito ang Partnership HealthPlan of California para tulungan kang makuha ang pangangalaga at suporta na kailangan mo. Kami ang iyong kasosyo sa kalusugan, mula sa pang-araw-araw na mga isyu hanggang sa mga pangangailangan na may kaugnayan sa kasarian.

MGA BENEPISYO

Sinasaklaw ng partnership ang lahat ng medikal na kinakailangang saklaw ng Medi-Cal na pangangalagang pangkalusugan para sa kasarian. Maaari kang iugnay ng Partnership sa mga doktor at espesyalista (health care experts) na maraming kaalaman tungkol sa mga serbisyong pangkalusugan para sa kasarian.

Tumawag sa aming pangkat ng Koordinasyon ng Pangangalaga sa (800) 809-1350 para malaman ang higit pa.

Makipag-usap sa iyong doktor o sa aming pangkat ng Koordinasyon ng Pangangalaga tungkol sa mga benepisyong ito na saklaw ng Partnership:

- Pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip
- Therapy para sa pagpapalit ng hormone
- Mga operasyon at pamamaraan

Maaari ka ring iugnay ng Partnership sa iba pang mapagkukunan at impormasyon sa kalusugan ng kasarian.

ANO ANG MAAARI MONG GAWIN

- **Magpaiskedyul ng pagpapatingin** kung matagal ka nang hindi nakakapagpatingin sa doktor. Maaaring tiyakin ng iyong doktor na makuha mo ang pangangalaga na kailangan mo.
- **Makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa pagkuha ng referral sa mga espesyalista.** Maaaring isama nito ang anumang mga serbisyo sa kalusugan ng kasarian na natukoy bilang isang pangangailangan.
- Maaari mong palitan ang iyong mga doktor anumang oras sa pamamagitan ng pagtawag sa Mga Serbisyo Para sa Miyembro.

SUPORTA AT MGA MAPAGKUKUNAN

- Maghanap ng isang lokal o online na grupo ng suporta kung saan maaari mong makilala ang iba na maaaring may kapareho mong pinagdadaanan at nararamdaman.
- Tanungin ang iyong doktor tungkol sa pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip, paggamot sa hormone, o operasyon.
- Magkaroon ng aktibong tungkulin sa iyong pangangalaga sa kalusugan. Puwede kang makahanap ng mga grupo ng suporta, legal na tulong, at higit pa sa aming mga webpage.

I-click ang link sa ibaba o i-scan ang QR code, i-click ang iyong county, at pagkatapos ay i-click ang icon ng LGBTQ+.

www.PartnershipHP.org/Community/Pages/Community-Resources.aspx

